# Uri ng impormasyon at mga kinakailangang aksyon

Ang lungsod ay aktibong maghahayag ng impormasyon sa paglikas. Aktibong tanggapin ang mga impormasyon, at protektahan ang iyong sariling buhay.

| [Pagbabago ng panahon] | [Alert Level] | [Impormasyon sa paglikas at mga dapat gawing aksyon] |
|---|---|---|
| Ulat ng malakas na ulan, bagyo, atbp.  | Alert Level 1 | **Impormasyon Para sa Patiunang Pag-iingat [Inihahayag kapag inaasahan ang malakas na ulan o bagyo sa hinaharap]** (Inihahayag ng Japanese Meteorological Agency)<br>Itaas ang iyong kahandaan para sa sakuna. |
| Nagsimulang umulan  | Alert Level 2 | **Payo na Mag-ingat sa Malakas na Baha, Payo na Mag-ingat sa Malakas na Ulan, atbp** (Inihahayag ng Japanese Meteorological Agency)<br>Suriin ang iyong sariling kilos ng paglikas upang maging handa sa paglikas. |
| May panganib ng sakuna  | Alert Level 3 | **Paglikas ng Matatanda, atbp.** (Inihahayag ng lungsod)<br>**Lumikas ang mga matatanda atbp. mula sa mga mapanganib na lugar**<br>①**Simulan ang paglikas** para sa **mga nangangailangan ng mas maraming oras upang lumikas**, tulad ng mga matatanda at mga may kapansanan.<br>②**Sumama sa paglikas** ang mga taong susuporta sa paglikas.<br>③**Maghanda para sa paglikas** ang iba pang mga tao. |
| Matindi ang Panganib ng sakuna  | Alert Level 4 | **Utos ng Paglikas** (Inihahayag ng lungsod)<br>**Lumikas ang lahat mula sa mga mapanganib na lugar**<br>**Lahat ay magsimulang lumikas** mula sa mga mapanganib na lugar. |
| | | **Dapat lumikas hanggang sa aleart level 4!** |
| Nangyari ang sakuna Sumasapit and sakuna  | Alert Level 5 | **Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan** (Inihahayag ng lungsod)<br>**Nanganganib ang buhay! Agad na tiyakin ang kaligtasan.**<br>①Ang mga nasa gitna ng paglikas ay **agad na pumunta sa lugar na malilikasan**.<br>②Kung hindi ka pa lumilikas, gawin ang **minimum na hakbang upang maprotektahan ang iyong buhay, tulad ng pagtungo sa ikalawang palapag** ng isang ligtas na gusali. |

**Ito ay isang pamantayan lamang. Depende sa antas ng pag-unlad ng sakuna, maaaring hindi ito ang kaso.**

# Indibidwal na ihahayag ang impormasyon sa paglikas para sa bawat distrito




**Paghati-hati ng mga distrito**

Impormasyon sa paglikas: Impormasyon na magiging gabay sa paglikas na inihahayag ng lungsod

**Alamin nang maaga ang lokasyon at pangalan ng tinitirahang distrito.**

**Mangyaring magrehistro nang maaga at kumpirmahin ang pagtanggap ng impormasyong ipinapadala ng lungsod upang tiyak na makakatanggap nito sa panahon ng sakuna.**

Mangyaring gamitin ang translation function ng app o browser.

**MAIL — Serbisyo ng pagpapadala ng email ng Sanjo City**
mail.sanjo-city@raiden2.ktaiwork.jp
Magpadala ng blankong email para mag-set up

**LINE — Opisyal na LINE account ng Sanjo City**
I-add ang @sanjo-city bilang Friend

**Sanjo City X** (dating kilala bilang Twitter)
I-follow ang @sanjo_city

**NHK WORLD-JAPAN**
https://www3.nhk.or.jp/nhkworld/
Nagbibigay ng balita sa 19 na wika
WEB | iOS | Android — I-download ang app

**Safety tips**
Nagbibigay ng paunawa tungkol sa sakuna sa 14 na wika
iOS | Android — I-download ang app

Para sa mga katanungan tungkol sa Disaster Preparedness Leaflet na ito: Sanjo City General Affairs Department Administrative Division Disaster Prevention Office
Postal code: 955-8686 2-chome 3-1 Asahi-cho, Sanjo City, Niigata Prefecture TEL: 0256-34-5511 (main)
Inilathala noong: Marso 2024

**Sanjo City**

**Tagalog**
Bersyong Tagalog




Tingnan kasama ng Heavy Rain Disaster Response Guidebook Multilingual Edition.

# Maghanda para sa sakuna

Disaster Preparedness Leaflet

## Protektahan ang sariling buhay

**Ang Disaster Preparedness Leaflet na ito ay naglalaman ng mga impormasyon at mga dapat gawing aksyon sa panahon ng sakuna na dulot ng matinding pag-ulan.**

**Mangyaring gamitin ito upang protektahan ang iyong sarili at mga mahal sa buhay mula sa sakuna.**

Suriin ang mapa sa Heavy Rain Disaster Response Guidebook Multilingual Edition, at isulat ang resulta ng pagsasaalang-alang sa “Memo ng paghahanda sa sakuna para sa aking pamilya” sa likod.

**Suriin kung aling ilog ang maaaring makaapekto sa iyong tahanan**

map **Awareness Map** →Pahina 3-4 ng Guidebook Multilingual Edition

**Suriin kung maaaring manatili sa iyong tahanan o kailangang lumikas sa panahon ng matinding ulan**

map **Escape Map** →Pahina 11-22 ng Guidebook Multilingual Edition

# Saan lilikas?





Narito ang Heavy Rain Disaster Response Guidebook Multilingual Edition

Ang timing ng paglikas at lugar na malilikasan ay naiiba depende sa sitwasyon ng sakuna. Sa karagdagan, ang pagtungo sa itinakdang evacuation center ng lungsod, tulad ng mga paaralan at community center, ay hindi ang tanging paraan ng paglikas. Isaalang-alang ang ilang mga lugar na malilikasan mula sa ordinaryong araw. Gayunman, kung maaari kang manatili sa iyong tahanan, isaalang-alang muna ang pananatili sa iyong tahanan.

## Q. Maaari ka bang manatili sa iyong tahanan sa panahon ng matinding ulan?

Suriin sa Escape Map sa pahina 11-22 ng Guidebook Multilingual Edition kung maaari kang manatili sa iyong tahanan sa panahon ng matinding ulan.

☐ **Maaaring manatili**

"Daloy ng pagpapasya ng Escape Map" sa pahina 9 ng Guidebook Multilingual Edition | Resulta ng pagpapasya: ◯ Maaaring manatili

☐ **Hindi maaaring manatili**

"Daloy ng pagpapasya ng Escape Map" sa pahina 9 ng Guidebook Multilingual Edition | Resulta ng pagpapasya: ~~×Panantili sa tahanan~~

Bago ang pagbaha: ◎Agad na lumikas ◎Lumikas nang maaga ◎Kailangang lumikas

## Kung maaari kang manatili sa iyong tahanan

Isaalang-alang muna ang pananatili sa iyong tahanan.

Lugar na malilikasan

### Itaas na palapag ng tahanan kung saan maaaring manatili pagkatapos ng pagbaha



- Kung mananatili ka sa iyong tahanan, maaaring hindi mo magamit ang tubig, kuryente, gas, palikuran, at iba pa, kaya maghanda ng sapat na tubig na maiinom, pagkain, at iba pa.

Pagkatapos ng pagbaha, maaaring bahain ang paligid ng gusali. Mapanganib ang paglabas pagkatapos ng pagbaha.



**Mas mainam kung mayroon kang nakareserbang supply na magtatagal nang hindi bababa sa tatlong araw.**

*Upang maging handa sa anumang posibilidad, isaalang-alang ang ilang mga lugar na malilikasan kahit maaaring manatili sa iyong tahanan.

## Kung hindi ka maaaring manatili sa iyong tahanan

Isaalang-alang ang ilang mga lugar na malilikasan.

Siguraduhing lumikas sa isang ligtas na lugar bago ang pagbaha. Mapanganib ang paglabas pagkatapos ng pagbaha.

Lugar na malilikasan



### Ligtas na bahay ng kamag-anak o kakilala, o pasilidad na matutuluyan

Lugar na malilikasan



### Mga evacuation center sa lungsod

*Kumpirmahin ang kalagayan ng mga evacuation center sa website ng Sanjo City at iba pa.

Hindi ka maaaring manatili sa iyong tahanan!
Ngunit kung mahuli ka sa paglikas...

Lugar na malilikasan



### Pumunta sa kalapit na mataas at matibay na gusali o iba pang lugar kung saan maaari mong maprotektahan ang iyong buhay

- Mapanganib ang paglikas sa panahon ng malakas na ulan, malakas na hangin, madilim na gabi, at iba pa. Huwag pilitin ang paglikas, at protektahan ang iyong sarili sa isang kalapit na lugar na ligtas hangga't maaari.

# Memo ng paghahanda sa sakuna para sa aking pamilya

Tingnan ang mapa sa Heavy Rain Disaster Response Guidebook Multilingual Edition, isaalang-alang ang mga sakunang posibleng mangyari sa iyong tahanan at mga lugar na malilikasan, at isulat ang mga ito.

## Suriin sa "Awareness Map" at "Escape Map" kung anong uri ng sakuna ang maaaring makaapekto sa iyong tahanan.

- **Aling ilog ang maaaring makaapekto dahil sa pagbaha?** →Pahina 3-4 ng Guidebook Multilingual Edition

☐Shinano River ☐Ikarashi River ☐Kariyata River ☐Gejo River
☐Fusetani River ☐Kakuma River ☐Odaira River ☐Kaibami River at Sai River

- **Maaapektuhan ba ng landslide?** →Pahina 11-22 ng Guidebook Multilingual Edition

☐Oo ☐Hindi

- **Hanggang aling palapag ang babahain?**

______ Palapag

## Gawin ang "Daloy ng pagpapasya ng Escape Map" at kumpirmahin ang mga gabay sa pagkilos.

- **Maaari ka bang manatili sa iyong tahanan sa panahon ng matinding ulan?** →Pahina 9 ng Guidebook Multilingual Edition

☐Maaaring manatili — ◯Maaaring manatili

- Bago ang pagbaha: Pumunta sa itaas na palapag ng tahanan kung saan maaaring manatili pagkatapos ng pagbaha. ⚠Isaalang-alang muna ang pananatili sa iyong tahanan
- Pagkatapos ng pagbaha: Pumunta sa itaas na palapag ng tahanan kung saan maaaring manatili pagkatapos ng pagbaha. ⚠Mapanganib ang paglabas

☐Hindi maaaring manatili — ~~×Panantili sa tahanan~~

- Bago ang pagbaha: Suriin ang daloy — ☐◎Agad na lumikas ☐◎Lumikas nang maaga ☐◎Kailangang lumikas
  Pumunta sa ligtas na lugar sa labas ng iyong tahanan. ⚠Mag-isip ng ilang mga lugar na malilikasan
- Pagkatapos ng pagbaha: Siguraduhing tapusin ang paglikas bago bumaha. ⚠Hindi maaaring manatili sa iyong tahanan ⚠Mapanganib ang paglabas
  Kung nahuli ka sa paglikas: Pumunta sa kalapit na mataas at matibay na gusali

## Isaalang-alang ang ilang mga lugar na malilikasan.

Lugar na malilikasan — Mag-imbak ng tubig, pagkain, at iba pa

**Pumunta sa itaas na palapag ng tahanan** o sa kalapit na mataas at matibay na gusali **kung saan maaari kang manatili pagkatapos ng pagbaha**

______

Lugar na malilikasan — Ang bawat isa ay maghanda ng lugar na malilikasan

**Ligtas na bahay ng kamag-anak o kakilala, o pasilidad na matutuluyan**

______

Lugar na malilikasan — Ang bawat isa ay magdala ng mga pangangailangan

**Mga evacuation center sa lungsod**

______